



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

76
5-5-11

TANGGAPAN NG SANGGUNIAN BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIAN BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG ABRIL 11, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA- 9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang Jun M. Asinas	...	Kagawad
		Gumanap na Tagapangulo
Kagalang-galang Florencio C. Odejar	...	Kagawad
Kagalang-galang Laarni A. Malibiran	...	Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion	...	Kagawad
Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco	...	Kagawad
Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr.	...	Kagawad
Kagalang-galang Ronald P. Obligacion	...	Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete	...	Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO:

Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON	...	PANG. PUNONG BAYAN nasa bakasyon
Kagalang-galang Ramon D. Tan	...	Kagawad – nagpaalam
Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw	...	Kagawad

KAUTUSANG BAYAN BLG. 07-T2011

KAUTUSANG **NAGTATAKDA** NG PANUNTUNAN SA PAGPAPAHIRAM NG TULONG PUHUNAN SA **ILALIM** NG PROGRAMANG “PUHUNAN SA KAUNLARAN (PSK) LOAN PROGRAM” NG **PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

May Akda : Kgg. Pang. Punong Bayan Louie C. De Leon

SAPAGKA'T, ang pamahalaang bayan ay naglalaan ng halaga sa ilalim ng Local Economic Development Program upang magsilbing tulong-puhunan sa mga kooperatiba, maliliit na manininda, indibidwal at mga kawani ng pamahalaang bayan;

SAPAGKA'T, sa bisa ng Sangguniang Bayan Kapasiyahan Blg. 042-T'1996, itinatag at binuo ang natatanging lupon sa puhunan sa kaunlaran upang mamahala sa pagsasagawa ng programang pangkabuhayan;

SAPAGKA'T, sa pamaraang ito ay magkakaroon ng pagkakakitaan ang mga mamamayan at magbibigyang-daang ang programang pangkaunlaran sa barangay;

SAPAGKA'T, ang layunin nito ay matulungan ang mga mamamayang maragdagan ang puhunan sa isasagawang proyekto para pagkakitaan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. (Tagapamuno ng Lupon sa Kooperatiba), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIAHANG: Pagtibayin ang sumusunod na:

ARTIKULO I

SEKSYON 1- PAMAGAT : Ang kautusang ito ay tatawaging “Kautusang nagtatakda ng panuntunan sa pagpapahiram ng tulong-puhunan sa ilalim ng programang “PUHUNAN SA KAUNLARAN LOAN PROGRAM” ng bayan ng Santa Cruz, Laguna.

SEKSYON 2 - Saklaw ng Pagpapatupad : Mga kooperatiba, maliliit na manininda, indibidwal at mga kawani ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna

PUHUNAN SA
(PSK)

SEKSYON 3 - Layunin :

- 3.1 itaguyod ang programang pang-ekonomiya sa bayang ito.
- 3.2 matulungan ang mga kooperatiba at kilusang pangkabuhayan sa pagkakaroon ng puhunan para sa pagtatayo ng industriya at kalakalang pangkabuhayan.
- 3.3 mabigyan at matulungan ang mga kawani ng oportunidad para sa karagdagang pagkakakitaan.

SEKSYON 4 - Kahulugan ng mga salita:

1. PSK – Puhunan sa Kaunlaran – programang naglalayong magpautang upang gawing puhunan sa mga itatatag na proyekto sa bayan ng Santa Cruz, Laguna
2. Tulong – puhunan – halagang ipahihiram / ipauutang ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna bilang tulong sa mga kooperatiba, indibidwal, maliliit na manininda at mga kawani ng pamahalaang bayan.
3. Local Development Program – mga pangkaunlarang programa ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna.
4. Kooperatiba - Samahang binuo na may layuning tumulong sa pagtatayo ng mga gawain o programang pangkabuhayan na ang makikinabang ay mga kasapi nito.
5. Maliliit na manininda – nagsasagawa ng pagtitinda ng iba't-ibang kalakal na may maliit na puhunan.
6. Indibidwal – tumutukoy sa sarili o isang tao.
7. Non-Government Organization (NGO) – samahang di-konektado sa pamahalaan.
8. Project Proposal – mungkahing proyekto na paggagamitan ng tulong-puhunan.
9. Project Strategy – pamamaraan sa iminungkahing proyekto kung paano gagamitin ang tulong-puhunan.
10. Oryentasyon – pag-aangkop sa isang bagay na gagawin upang maging bihasa.

ARTIKULO II

NATATANGING KOMITE, MAMAMAHALA SA "PUHUNAN SA KAUNLARAN LOAN PROGRAM

SEKSYON 1 - Ang programang Puhunan sa Kaunlaran Loan Program ay pinagtitibay sa ilalim ng Local Development Program upang magsilbing tulong-puhunan sa mga itinatag na kooperatiba, maliliit na manininda, indibidwal at mga kawani ng pamahalaang bayan para sa pagsasagawa ng programang pangkabuhayan sa bayang ito sa bisa ng kautusang ito.

SEKSYON 2 - Ang bumubuo ng natatanging komite na susubaybay at mamahala sa programang "Puhunan sa Kaunlaran Loan Program" ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna, ay ang mga sumusunod:

Tagapangulo		Kgg. Punong Bayan
Pang. Tagapangulo		Tagapamuno ng Lupon sa Kooperatiba
Kasapi		Pangulo - Liga ng mga Barangay
		Pambayang Tagapagbalangkas at
		Tagapag-ugnay sa Kaunlaran
		Pambayang Pinuno sa Pagsasaka
		Pambayang Pinuno sa Kooperatiba
		Pangulo- Municipal Cooperative Development
		Council (MCDC)
		Pambayang Pinuno sa Kagaling
		Panlipunan at Paglilingkod
		Pangulo- Municipal Employees Cooperative
		Pambayang Ingat-Yaman
		Pambayang Pinunong Pantauhan

SEKSYON 3 - Mga tungkulin at gawain ng natatanging komite ng Puhunan sa Kaunlaran (PSK) Loan Program.

- 3.1 Suriin at pagtibayin ang mga nagnanais (applicant) humiram ng tulong-puhunan sa ilalim ng Puhunan sa Kaunlaran Loan Program.
- 3.2 Maglaan ng halaga bilang pondong tulong-puhunan para sa mga kawalipikadong aplikante.
- 3.3 Mangasiwa sa pagpapatupad, pamamalakad at paniningil sa mga pinahiram na puhunan.

SEKSYON 4 - Anumang pondong nailaan ng pamahalaang bayan sa Puhunan sa Kaunlaran Loan Program at mga singilin (Accounts Receivables) ay ilalagay sa isang trust fund na gagamitin sa pagpapautang sa mga nagnanais makahiram sa programang ito.

ARTIKULO III PANUNTUNAN SA PAGPAPAUTANG SA PSK LOAN PROGRAM NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN.

SEKSYON 1 - Ang mga kawani ng pamahalaang bayan ay pinahihintulatang makahiram o makautang sa Puhunan sa Kaunlaran Loan Program sa ilalim nang tulong-puhunan ng bayan nang hindi bababa sa halagang Limang Libong Piso (Php5,000.00) o di tataas sa Sampung Libong (Php10,000.00) ayon sa pagrerekomenda ng natatanging komite pagkatapos na makapagsumite ng loan application form, ayon sa nakasaad sa Appendix "1"

SEKSYON 2 - Ang pagbabasehan ng natatanging komite sa pagpapahiram o pagpapautang sa mga kawani ay ang kapasidad sa pagbabayad at babayaran sa mga sumusunod na pamamaraan :

- 2.1 Babawasin tuwing tatanggap ng sahod o alawans na may kaukulang tubo (interest)
- 2.2 Anim (6) na buwang pagbabayaran nang may - 2.5% tubo at kung babayaran nang isang (1) taon ay may tubong - 5%
- 2.3 Anumang tubo ayon sa isinasaad sa Seksyon 2.2 ng Artikulo III ng kautusang ito, ay babawasin sa halagang pinagtibay ng natatanging komite na siyang magsisilbing revolving at contingency fund ng PSK loan program.

SEKSYON 3 - Maliban sa loan application form, ang kawani ay magsusumite ng mga sumusunod na kaukulang dokumento :

- 3.1 1 pc. 2x2 recent photo
- 3.2 photocopy ng latest payslip
- 3.3 photocopy ng Company ID
- 3.4 photocopy ng latest CTC
- 3.5 original copy ng barangay clearance

SEKSYON 4 - Hindi pinahihintulatang muling makahiram sa PSK loan program ang mga kawani hangga't may kasalukuyan pang binabayaran, subalit maaaring muling makautang batay sa mga sumusunod:

- 4.1 unang prayoridad - hindi pa nakakautang
- 4.2 pangalawang prayoridad - nakabayad bago sumapit ang takdang panahon
- 4.3 pangatlong prayoridad - nakabayad sa takdang panahon

SEKSYON 5 - Sa anumang kadahilanan, kung ang kawani ay hindi nakapagbayad sa takdang panahon, ang natitirang pagkakautang ay papatawan nang limang porsiyento bawat buwan, at kung patuloy na ipag-wawalang-bahala ang pagkakautang, ay padadalhan ng demand letter na siyang magiging basehan sa pagsasampa ng kaso-sibil o administratibo.

ARTIKULO IV
PANUNTUNAN SA PAGPAPAUTANG SA PSK LOAN PROGRAM NG MGA KINILALANG
KOOPERATIBA / SAMAHANG MANININDA AT INDIBIDWAL

SEKSYON 1 - Ang pamahalaang bayan sa ilalim ng Municipal Cooperative Development Council (Local Economic Development) Program ay naglunsad ng programa sa mga kooperatiba, indibidwal, samahang maliliit na manininda ng tulong-puhunan sa pamamagitan ng Puhunan sa Kaunlaran Loan Program.

SEKSYON 2 - Ang mga kinilalang (accredited) kooperatiba ay makakahiram sa Puhunan sa Kaunlaran Loan Program nang hindi hihigit sa halagang Php50,000.00 at sa samahan ng maliliit na manininda at indibidwal ay hindi hihigit sa Limang Libong Piso (Php5,000.00) bawat kasapi.

SEKSYON 3 - Ang isang indibidwal ay makakahiram sa Puhunan sa Kaunlaran Loan Program nang hindi hihigit sa Limang Libong Piso (P5,000.00) na gagamitin sa proyektong pangkabuhayan at ang pagsusumite ng loan application ay ayon sa itinatadhana ng Appendix "3".

SEKSYON 4 - Ang isang indibidwal na nagnanais makahiram ng tulong sa Puhunan Sa Kaunlaran Loan Program ay kukuha ng co-maker na magiging kasama ng UMUUTANG at mananagot sa utang na ito (jointly and solidarily liable).

SEKSYON 5 - Hindi pinahihintulutan ang mga halal na opisyales na maging co-maker sa pag-utang sa Puhunan sa Kaunlaran Loan Program.

SEKSYON 6 - Kinakailangang magsumite ng kaukulang dokumento ang mga kinilalang kooperatiba, samahan ng maliliit na manininda at indibidwal para makahiram ng tulong-puhunan, gaya ng mga sumusunod:

6.1 Para sa kilalang (Accredited) kooperatiba

- a. Board Resolution ng kooperatiba na nakalagay ang kahilingang makahiram ng tulong-puhunan.
- b. Kapasiyahan ng Sangguniang Bayan na kinikilala ito bilang kooperatiba / Non-Government Organization.
- c. Listing ng Lupong Patnugutan (Board of Directors) at kanilang bio-data
- d. Project study o project proposal na paggagamitan ng tulong-puhunan at kung saan gagamitin.
- e. Kalalagayang pinansiyal ng kilalang kooperatiba.
- f. Pagpapatunay na walang pagkakautang sa ibang ahensya ng pamahalaan.

6.2 Para sa samahang maliliit na manininda at indibidwal

- a. Sulat-kahilingan ng samahan o indibidwal na humihiling ng tulong-puhunan
- b. Barangay Clearance
- c. Bilang manininda, magsumite ng photocopy ng Mayor's permit
- d. Pagpapatunay na walang pagkakautang sa ibang ahensya ng pamahalaan.
- e. Project strategy at program proposal na paggagamitan ng tulong-puhunan.

SEKSYON 7 - Itinatagda ang interes o tubo na 5% porsiyento sa loob ng isang taon sa halagang pinagtibay ng natatanging lupon sa tulong-puhunan para sa mga kinilalang kooperatiba at samahan ng maliliit na manininda sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

SEKSYON 8 - Ang binabanggit sa Sek. 7, Artikulo IV ng kautusang ito ay hahatiin at ibabahagi sa mga sumusunod :

- 3% - tatlong porsiyento - mapupunta bilang karagdagang puhunan sa kooperatiba ng bayan
- 1% - isang porsiyento - gastusin sa operasyon ng tanggapan ng MCDC
- 1% - isang porsiyento - dagdag na kapital ng tulong-puhunan sa Puhunan sa Kaunlaran Loan Program.

ARTIKULO V

ALITUNTUNIN SA PAGHIRAM AT PAGEABAYAD NG TULONG PUHUNAN

SEKSYON 1 - Pinahihintulutan ng kautusang ito ang mga kilalang kooperatiba na kasapi ng MCDC, samahan ng limang (5) manininda at indibidwal sa bayan ng Santa Cruz, Laguna na makahiram ng tulong-puhunan sa PSK Loan Program ng pamahalaang bayan.

SEKSYON 2 - Mga patakaran at alituntunin sa paghiram ng tulong-puhunan ayon sa binabanggit sa Sek. 1, Artikulo V ng kautusang ito.

- 2.1 Paghahain ng aplikasyon o kahilingan sa natatanging komite sa pamamagitan ng MCDC.
- 2.2 Pagsasailalim sa "credit investigation" ayon sa pag-aatas ng natalang komite na isasakatuparan ng MCDC.
- 2.3 Pagdalo sa isang oryentasyon tungkol sa kanilang pananagutan hinggil sa kanilang hiniram na tulong puhunan.
- 2.4 Pagpapatibay ng natalang komite sa pamamagitan ng MCDC sa inihaing aplikasyon
- 2.5 Pagsasagawa ng kasunduan (kontrata) sa Tanggapan ng Ingat-Yaman (tingnan ang Appendix "2")
- 2.6 Pagtanggap ng tseke sa pinagtibay na halaga.

SEKSYON 3 - Inaatasan ang mga kooperatiba, samahang manininda at indibidwal na napahiram ng tulong-puhunan na magbayad ng buwanang halaga sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman na may kaukulang opisyal na resibo sa loob ng isang taon.

ARTIKULO VI KAPARUSAHAN

SEKSYON 1 - Sa kinilalang kooperatiba na hindi nakapagbayad sa takdang panahon pagkaraan ng tatlong buwang palugit ay iilitin ang pag-aaring personal na katumbas ng halagang inutang at ang pagbawi ng Mayor's Permit.


SEKSYON 2 - Sa samahan ng manininda na hindi nakapagbayad sa takdang panahon pagkaraang mabigyan ng isang buwang palugit ay babawian ng Mayor's Permit at hindi pahihintulutang makapagtinda hanggang hindi nababayaran ang inutang.

APPENDIX "1"

PUHUNAN SA KAUNLARAN

Loan Application Form

(for Employees)



Name _____ Office/Dept: _____

Position/Status of Employment _____ Basic Salary _____ Net Pay : _____

Home Address : _____ Tel/Cel No.: _____

Com. Tax Cert. No.: _____ Date Issued: _____ Place of Issue: _____

Amount Applied For : _____ (P _____)

Term of Payment : (please choose and check) _____ 6 months _____ 1 year

Payment Deduction Scheme : (please choose and check)

☐

Salary - _____ 15th and 30th of the month _____ weekly

☐

Monthly Allowance

(Signature of Employee)

.....
(To be Filled up by the PSK Coordinator)

ACTION ON LOAN APPLICATION

Amount Approved : _____ Date Approved : _____

Term of Payment : _____ Payment Deduction Scheme : _____

Date of Loan Release : _____ Period of Payment : _____

VICTORINO M. RELUCANO
PSK Coordinator / MAO

LOAN AGREEMENT

I, _____, employee of the Municipal Government of Sta. Cruz, Laguna after having fully understood the PUHUNAN SA KAUNLARAN (PSK) Loan Program of the local government – its mechanics, terms and conditions – hereby apply for loan with the amount specified and/or approved above.

I agree, and therefore commit myself to the conditions provided in the guidelines wherein my obligations as a borrower are clearly stated and affixed. Accordingly, I acknowledge the fact that should I fail to adhere to the said guidelines, I will incur the corresponding penalty.

Signed this _____ day of _____ 2009 at Sta. Cruz, Laguna.

Signature Over Printed Name

APPENDIX "2"
KASUNDUAN SA PAGPAPAUTANG
(Kooperatiba at Samahang Manininda)

ALAMIN NG LAHAT NA :

Ang kasunduang ito na isinagawa at pinagtibay sa pagitan ng _____ at ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna, na kinatawan ng kasalukuyang Punong Bayan, Kgg. Domingo G. Panganiban, sa ilalim ng Puhunan sa Kaunlaran Loan Program, dito ay kilala bilang NAGPAPAUTANG

at

_____, na kinakatawan ng Pangulo na si G./Gng. _____. May sapat na gulang at may pahatirang sulat sa Barangay _____ Santa Cruz, Laguna, dito ay kilala bilang UMUUTANG.

NAGPAPATUNAY

Na, ang NAGPAPAUTANG ay nagnanais na makatulong sa mga kinilalang kooperatiba / samahan upang mapaunlad ang kilusang pangkooperatiba at maglikha ng insentibo sa mga industriya.

Na, ang UMUUTANG ay may kahilingan sa pamamagitan ng Board Resolution ng kooperatiba / samahan na makautang o makahiram ng tulong puhunan sa ilalim ng puhunan sa kaunlaran loan program ng NAGPAPAUTANG.

Na, ipinagtibay ng natatanging komite ang halagang _____ salaping pilipino na ipahiram ng NAGPAPAUTANG dito sa UMUUTANG ayon sa sumusunod na mga kondisyon.

1. Na, ang pinagtibay na halaga ay gagamitin sa inaprubahang proyekto (project study) ng umuutang.
2. Na, laging handa sa inspeksyon ng nagpapautang o ng kanyang kinatawan ang aklat talaan ng gugulin (book of account) ng kooperatiba.
3. Na, sa sandaling lagdaan ang kasunduang ito, ang umuutang ay magbabayad ng itinakdang 12% tubo, dagdag sa halagang inutang na babayaran sa loob ng isang taon sa pamamagitan ng buwanan (monthly) o tuwing ikatlong buwan (quarterly) o kalahating taon (semi-annual) amortization.
4. Na, sakaling ang umuutang ay hindi makapagbayad sa takdang panahon ay maaari pang mapagkalooban ng hanggang tatlong buwang palugit.
5. Na, pagkatapos ng palugit na ibinigay ng nagpapautang sa umuutang ay patuloy pa rin magwalang bahala ay padadalhan ng demand letter.
6. Na, anumang usapin sa hukuman, ay pananagutan ng umuutang kasama ang gugugulin sa abogado at korte.

SA KATUNAYAN NG LAHAT, ang bawat panig ay nagsilagda ngayong ika-____ng buwan ng _____ 20__ sa Santa Cruz, Laguna.

UMUUTANG :

Nagpapautang :
Pamahalaang Bayan
Santa Cruz, Laguna

Sa Pamamagitan ni :

INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan
Tagapangulo, Natatanging
Lupon sa PSK Loan Program

MGA SAKSI:

APPENDIX "3"

KASUNDUAN SA PAGPAPAUTANG
(Indibidwal)

ALAMIN NG LAHAT NA :

Ang kasunduang ito na isinagawa at pinagtibay sa pagitan ng _____ at ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna, na kinatawan ng kasalukuyang Punong Bayan, Kgg. Domingo G. Panganiban, sa ilalim ng Puhunan sa Kaunlaran Loan Program, dito ay kilala bilang NAGPAPAUTANG

At

_____, may sapat na gulang at may pahatirang sulat sa barangay _____ Santa Cruz, Laguna dito ay kilala bilang UMUUTANG

NAGPAPATUNAY

Na, ang NAGPAPAUTANG ay nagnanais na makatulong sa mga inidibidwal upang mapaunlad at maglikha ng insentibo sa pagpapatayo at pagpapalago ng livelihood project.

Na, ang UMUUTANG ay may kahilingan na makautang o makahiram ng pera sa ilalim ng puhunan sa Kaunlaran Loan Program ng NAGPAPAUTANG.

Na, ipinagtibay ng natatanging komite ang halagang _____ salaping pilipino na ipahiram ng NAGPAPAUTANG dito sa UMUUTANG ayon sa sumusunod na mga kondisyon.

1. Na, sa sandaling lagdaan ang kasunduang ito, ang umuutang ay magbabayad ng itinakdang 12% tubo, dagdag sa halagang inutang na babayaran sa loob ng isang taon sa pamamagitan ng buwanan (monthly) o tuwing ikatlong buwan (quarterly) o kalahating taon (semi-annual) amortization.
2. Na, sakaling ang umuutang ay hindi makapagbayad sa takdang panahon ay maaari pang mapagkalooban ng hanggang tatlong buwang palugit.
3. Na, ang co-maker ng umuutang ay kasama na mananagot sa utang (jointly and solidarily liable) at sa iba pang obligasyon na dapat niyang isakatuparan batay sa kasunduang ito.
4. Na, pagkatapos ng palugit na ibinigay ng nagpapautang sa umuutang ay patuloy pa rin magwalang bahala ay padadalhan ng demand letter.
5. Na, anumang usapin sa hukuman, ay pananagutan ng umuutang kasama ang gugugulin sa abogado at korte.

SA KATUNAYAN NG LAHAT, ang bawat panig ay nagsilagda ngayong ika-____ng buwan ng _____200_ sa Santa Cruz, Laguna.

UMUUTANG :

Nagpapautang :
Pamahalaang Bayan
Santa Cruz, Laguna

Sa Pamamagitan ni :

INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan
Tagapangulo, Natatanging
Lupon sa PSK Loan Program

MGA SAKSI:

**ARTIKULO VII
PENAL NA PROBISYON**

SEKSYON 1 - Kung anumang kadahilanan, ang ibang probisyon o seksyon ng kautusang ito ay naipahayag ng hukuman na walang bisa, ang pagpapasiya ng hukuman ay hindi maaapektuhan ang ibang probisyon, seksyon o parte ng kautusang ito.


SEKSYON 2 - Anumang Kautusan, batas, utos o bahagi nito na salungat o di naaayon sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang bisa alinsunod sa batas na ito.


SEKSYON 3 - Ang kautusang ito ay magkakabisa pagkatapos ng sampung araw na mailagay sa pahayagan / mga hayag na lugar.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, lahat ng tanggapan ng pamahalaang bayan, Kooperatiba, Samahan ng mga manininda at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.


PINAGTITIBAY. Abril 11, 2011


PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.



JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim



KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad


KGG. LAARNI A. MALIBIRAN
Kagawad


KGG. LAURA P. OBLIGACION
Kagawad


KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO
Kagawad


KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.
Kagawad


KGG. RONALD P. OBLIGACION
Kagawad


KGG. JOSE MAURO D. GABINETE
Kagawad

NAGPATOTOO:


KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:


KGG. INHR. DOMINGO G. FANGANIBAN
Punong Bayan